ONLINE
SMASHED
PHILIPPINES

# SMASHED ONLINE

## GABAY SA MAGULANG

# ANG AMING MANIFESTO

Ang aming manifesto ay naglalarawan ng aming mga paniniwala tungkol sa pagharap sa pag-inom ng mga menor de edad at sa pagbibigay lakas sa kakayanan ng kabataan.

## ANG SMASHED AY EDUKASYONG NAKAPAGPAPABAGO NG BUHAY

## HINAHARAP ANG PAG-INOM NG MGA MENOR DE EDAD NG MAY POSITIBONG PANANAW

## PARA MAKALIKHA NG HENERASYON NA HANDA LABAN SA PANGHIHIKAYAT NG BARKADA AT MAY SANDATA LABAN SA NEGATIBONG IMPLUWENSIYA

## ANG KAALAMAN AY KAPANGYARIHAN

## KAPAG NAGDADALAWANG-ISIP AT NAG-AALINLANGAN MAGING HANDA GAMIT ANG IMPORMASYON AT PANG-UNAWA

## AT KAPAG NAGHAHAGIS ANG MUNDO NG MGA PAGPIPILIAN, MAGING HANDA SA PAGPILI NG MAY KAALAMAN

## SMASHED. EDUKASYON SA ALAK PARA PALAKASIN ANG ISANG HENERASYON

## TUNGKOL SA SMASHED

Ang mga kabataan ay may karapatan sa edukasyong tapat, nakapagpapalakas, at nakakapagbibigay ng inspirasyon lalo na sa usapin ng alak. Gusto naming maging boses ng positibong pagbabago para sa milyon-milyong kabataan pagdating ng 2030 Ang Smashed ay aktibo sa higit sa dalawampu't limang bansa sa buong mundo.

## ANO ANG SMASHED ONLINE?

Bago, nakakatuwa at mapanghikayat, pinagsasama ng Smashed Online ang interaktibong pag-aaral at diskusyon. Naghahayag ito ng makapangyarihan at makatotohanang kuwento ng mga kabataan at alak. Pinalalakas nito ang loob ng mga mag-aaral para makapagtanong sila sa sarili, 'Paano kung ako iyon?'.

## MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL

Inoobserbahan, sinasaliksik at pinag-ninilay-nilayan ng mga estudyante ang mahahalagang tema ng pag-iinom ng mga menor de edad:

- Ang panlipunan at emosyonal na mga sanhi
- Ang epekto sa mga kabataan
- Impluwensiya ng lipunan at pagpapasya
- Saan at paano tulungan ang sarili at ang iba

# PAANO GAMITIN ANG SMASHED ONLINE

## MGA INDIBIDWAL NA ESTUDYANTE

- Ang mga estudyante ay pwedeng padalhan ng link sa kurso, mag-sign-up nang hindi nagbibigay ng pangalan at kumpletuhin ito sa kanilang oras
- Para sa mga indibidwal na user, ang kurso ay tatagal ng 60 – 90 minuto, kabilang ang mga dagdag na pelikula at mga interaktibong elemento
- Kukumpletuhin ng mga estudyante ang isang simpleng survey sa umpisa at sa dulo ng kurso
- Ibinibigay sa dulo ang kapaki-pakinabang na mga link sa karagdagang suporta, payo at impormasyon
- Maaaring i-download ng mga estudyante ang kanilang sariling sertipiko para maipakitang natapos nila ang Smashed Online

## MGA SESYON NG BUONG KLASE

- Maaari mong ihatid ang kurso sa silid-aralan gamit ang button na 'For Teachers' sa homepage
- Gugugol ito ng 45 – 60 minuto gamit ang interaktibong whiteboard, o laptop at projector
- Kabilang sa kurso ang mga engaging na yugto ng pelikula, mga inorasang diskusyon, at mga interaksyon ng mga tauhan
- Pwede kang magkakaroon ng maraming aktibong sesyon at ituloy ang mga di nakumpletong sesyon kung saan ka huminto
- Ang mga aktibidad ng pagboto ay magpapakita ng pag-usad ng klase, gamit ang isang personalised na class certificate na ida-download

# PAGHAHATID NG MGA SESYON NG BUONG KLASE

Kung namumuno ka sa isang sesyon ng buong klase, samantalahin ang karanasan sa pamamagitan ng pagsunod sa payo sa ibaba:

## BAGO ANG ARALIN

- Mag-register at i-set up ang iyong teacher account sa Smashed Online
- Pasadahan muna ang kurso para maging pamilyar ang sarili sa nilalaman at functionality
- Siguruhin na iniisip mo na ang Smashed Online ay angkop para sa iyong target na pangkat ng edad

## KAKAILANGANIN MO ANG

- Isang computer na konektado sa internet at angkop na audio-visual setup
- Mag-access sa Smashed Online, mag-log in sa iyong teacher account
- Mag-access sa isang keyboard at mouse/touchpad para sa paglagyan ng mga resulta ng botohan sa klase, pangalan ng klase, at pagsasaliksik sa kurso

## MGA MUNGKAHI AT PAYO

- Para sa mga aktibidad ng pagboto, gamitin ang aming aktibidad na Heads Down Hands Up para pasagutin ang mga estudyante nang hindi nagbibigay ng pangalan
- Tumulong na maging interaktibo ang mga aktibidad ng diskuyon hangga't maaari, kung saan ay pinag-uusapan ng mga estudyante ang mga ideya nang magkakapareha, o pangkatan, bago magbigay ng feedback sa klase
- Magtawag ng isang volunteer na magpapasya kung aling mga tanong ang itatanong sa panahon ng interaktibong mga video chat. Kung may oras ka pa, hilingin sa pangkat na iboto ang pinaka-popular na pagpipilian
- Ang Smashed Online ay maihahatid sa loob ng maikling 45 minuto at akma sa 60-minutong leksyon
- Madaling patagalin ang kurso papunta sa susunod na leksyon, sa pamamagitan ng pagdadagdag ng oras para sa mga aktibidad na diskusyon ng grupo
- Huwag kalimutan na i-download ang personalised na sertipiko na may pangalan ng klase sa dulo ng kurso!

# ITANIM ANG NATUTUNAN

Ang karanasan ay maghihikayat sa mga mag-aaral na pagusapan ang pag-iinom ng mga menor de edad. Bakit hindi ituloy ang pagkatuto? Narito ang ilang simpleng ideya na maihahatid mo sa klase.

## QUIZ

Gumawa ng quiz para sa mga estudyante tungkol sa alak at mga panganib nito. Isama ang mga tanong tungkol sa nangyari sa isang kuwento sa Smashed kabilang ang mga kinahahantungan ng pag-inom ng alak sa bawat tauhan.

## GRAPHIC DESIGN / ART

Maaaring ilantad ng mga estudyante ang mga panganib ng pag-iinom ng mga menor de edad sa pamamagitan ng paglikha ng mga poster o online advert. Hikayatin sila na gamitin ang mga hamon at mga mahihirap na kalagayan na hinaharap ng mga tauhan sa kuwento.

## DRAMA

Gamitin ang takbo ng kuwento bilang inspirasyon sa mga estudyante na lumikha ng mga sariling eksena, patalastas, at mga dula tungkol sa pag-iinom ng mga menor de edad. Tulungan sila na pag-usapan ang panghihikayat ng barkada at lumikha ng alternatibong wakas sa Smashed!

## MALIKHAING PAGSULAT

Sa isang punto ng pelikula, iisipin ng mga estudyante na kaibigan nila o kamag-anak ang isang tauhan. Ano ang maaari nilang ipayo sa kanila sa isang email o sulat? O pwede silang sumulat ng artikulo sa pahayagan tungkol sa insidente sa dulo ng kuwento.

## PALIGSAHAN

Madalas na mga kabataan ang may pinakamahusay na mga ideya. Magpatakbo ng paligsahan kung saan ay magtatagisan sila sa paglikha ng mga kampanya tungkol sa mga panganib ng pag-iinom ng mga menor de edad, ipapakita ang kanilang gawa sa iba.

## MEDIA

Pwedeng gawin muli ng mga estudyante ang mga eksena sa Smashed sa pelikula o gumawa ng isang dokumentaryo tungkol sa mga panganib ng pag-iinom ng mga menor de edad.

# MAKIPAG-UGNAYAN

Salamat sa pagpapalabas ng Smashed sa paaralan, at pagtulong sa mga kabataan na matuto tungkol sa pag-iinom ng menor de edad. Umaasa rin kami na nagbigay ang Smashed ng katangi-tangi, malikhaing karanasan ng pag-aaral na nagpapahusay sa kurikulum/ Mangyaring ibahagi sa amin ang iyong karanasan sa Smashed at sa iba pang kagamitan ng mga nagtuturo.


PHILIPPINE EDUCATIONAL THEATER ASSOCIATION

+63 2 8725 6244
smashedprojectph@gmail.com
Facebook.com/PETATHEATER
Instagram.com/petatheater
Facebook.com/smashedph
Instagram.com/smashedph
petatheater.com

SMASHED

Twitter.com/smashedproject
Facebook.com/smashedproject
www.smashedproject.org


Ang Smashed ay isang global education programme na nilikha ng Collingwood sa UK. Salamat sa sponsorship ng Diageo Philippines, ang Smashed Online ay libre sa lahat ng paaralan.